Inilalarawan sa talahanayan 10 ang antas ng paggamit ng mga kagamitang tradisyunal ang modyul. Sa bilang ng tamang sagot na 9-10 may nakakuha ng 1 o 2.50 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 12 o 30.00 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Outstanding. Sa bilang ng tamang sagot na 7-8 may nakakuha ng 0 o 00.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 9 o 22.50 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Very Good. Sa bilang ng tamang sagot na 5-6 may nakakuha ng 2 o 5.00 na bahagdan sa Pre- Test, samantalang 6 o 15.00 na bahagdan naman ang nakuha sa Post – Test na may descriptive rating na Good. Sa bilang ng tamang sagot 3-4 may nakakuha ng 9 o 22.50 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 4 o 10.00 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Fair.At sa bilang ng tamang sagot na 0-2 ay may 28 o 70.00 na bahagdan ang nakakuha sa Pre-Test , samantalang 9 o 22.50 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Poor.

Sa kabuuan, may mean na 2.00 na may descriptive rating na Poor sa Pre-test na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng modyul, samantalang may mean na 5.94 naman sa Post-Test may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng modyul sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig. Ayon sa pagaaral ni Jocson (2014) sa kanyang Modyul: Bilang Kagamitang Pampagtuturo binigyang depinisyon o sariling linangang kit na naglalaman ng maraming gawain sa pagkatuto, kalimitan ang mga papel na sinasagutan ng mga mag-aaral. Taglay din ng modyul ang mga sumusunod na katangian: 1. Naglalaman ng sariling pagpapasya, sariling direksiyon at sariling pagtataya.2. Nagbibigay ng iba't ibang paraan ng pagkatuto at malawak na pagpili ng media at mga estilo para sa masistemang paglinang ng mga nilalaman at mga pamamaraan.3. Nanghihikayat at demokratikong pamamaraan,mapanuring pag-iisip, sariling pagsisikap o pagkukusa; nakalilinang ng tiyak na kaalaman at mga kasanayang hinahangad ng mga facilitator o guro; nagbibigay kasiyahan sa mga mag-aaral.4. Nagagawang makabago ang pagtuturo sa pamamagitan ng paglubog ng mga gurong may kakayahang gumawa ng mga kagamitang panturo na maktutugon sa mga pangangailangan ng bawat mag-aaral, kagyat nakalilinang ng kaalaman, kasanayan at halagang pangkatauhan/ gawain ng mga mag-aaral.

Inilalarawan sa talahanayan 11 ang antas ng paggamit ng mga kagamitang tradisyunal ang bond paper, magasin at colored paper. Sa bilang ng tamang sagot na 16-19 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa PreTest, gayundin ang nakakuha sa Post-Test 0 o 0.00 na bahagdan na may descriptive rating na Outstanding. Sa bilang ng tamang sagot na 12-15 may nakakuha ng 0 o 00.00 na bahagdan sa Pre-Test, gayundin ang nakakuha sa Post- Test 0 o 0.00 na bahagdan na may descriptive rating na Very Good. Sa bilang ng tamang sagot na 811 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa Pre- Test, samantalang 10 o 25.00 na bahagdan naman ang nakuha sa Post – Test na may descriptive rating na Good. Sa bilang ng tamang sagot 4-7 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 22 o 55.00 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Fair.At sa bilang ng tamang sagot na 0-3 ay may 40 o 100.00 na bahagdan ang nakakuha sa Pre-Test , samantalang 8 o 20.00 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Poor

**Talahanayan 11**
**Antas ng Paggamit ng mga Kagamitang Tradisyunal**

| **Aralin 1** | **Bond Paper / Magasin / Colored paper** |
|---|---|

| **Bilang ngtamang sagot** | **Pre-Test** | | | **Post-Test** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** |
| 16-19 | 0 | Outstanding | 0.00 | 0 | Outstanding | 0.00 |
| 12-15 | 0 | Very Good | 0.00 | 0 | Very Good | 0.00 |
| 8-11 | 0 | Good | 0.00 | 10 | Good | 25.00 |
| 4-7 | 0 | Fair | 0.00 | 22 | Fair | 55.00 |
| 0-3 | 40 | Poor | 100.00 | 8 | Poor | 20.00 |
| Total | 40 | | 100.00 | 40 | | 100.00 |
| **Mean** | **1.5** | **Poor** | | **5.7** | **Fair** | |

Sa kabuuan, may mean na 1.50 na may descriptive rating na Poor sa Pre-test na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at

magasin, samantalang may mean na 5.7 naman sa Post-Test may descriptive rating na Fair na ang ibig sabihin ay hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig. Ayon kay Ruedas et.al., (2001) sa kanyang librong Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo maaaring gamitin ang mga bond paper, magasin, colored paper at iba pa sa paglikha ng mga awtput o proyekto ng mga mag-aaral na maaaring gamitin bilang tanaw- dinig. Maaaring ipaskil ang mga awtput na ito sa pisara, bulitin bord o dingding ng silid –aralan. Nagsisilbi itong pagganyak, paalaala at patnubay sa mga mag-aaral hinggil sa leksyong kanilang pinag-aaralan. Sa pamamagitanng mga kagamitang ito, ang mga mag-aaral ay maaaring gumuhit o gumupit na lamang ng mga babasahin. Ang mga ginupit na larawan ay maaaring idikit o pagsama-samahin sa kardbord, poster o kaya'y brochure at saka nila lalagyan ng paksa o tema.

**Talahanayan 12Antas ng Paggamit ng mga Kagamitang Tradisyunal**

| **Aralin 2** | **Kartolina** |
|---|---|

| **Bilang ngtamang sagot** | **Pre-Test** | | | **Post-Test** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** |
| 9-10 | 6 | Outstanding | 15.00 | 12 | Outstanding | 30.00 |
| 7-8 | 11 | Very Good | 27.50 | 17 | Very Good | 42.50 |
| 5-6 | 6 | Good | 15.00 | 9 | Good | 22.50 |
| 3-4 | 11 | Fair | 27.50 | 2 | Fair | 5.00 |
| 0-2 | 6 | Poor | 15.00 | 0 | Poor | 0.00 |
| Total | 40 | | 100.00 | 40 | | 100.00 |
| Mean | 5.43 | Good | | 7.45 | Very Good | |

Inilalarawan sa talahanayan 12 ang antas ng paggamit ng mga kagamitang tradisyunal tulad ng kartolina. Sa bilang ng tamang sagot na 9-10 may nakakuha ng 6 o 15.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 12 o 30.00 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Outstanding. Sa bilang ng tamang sagot na 7-8 may nakakuha ng 11 o 27.50 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 17 o 42.50 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Very Good. Sa bilang ng tamang sagot na 5-6 may nakakuha ng 6 o 15.00 na bahagdan sa Pre- Test, samantalang 9 o 22.50 na bahagdan naman ang nakuha sa Post – Test na may descriptive rating na Good. Sa bilang ng tamang sagot 3-4 may nakakuha ng 11 o 27.50 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 2 o 5.00 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Fair.At sa bilang ng tamang sagot na 0-2 ay may 6 o 15.00 na bahagdan ang nakakuha sa Pre-Test , samantalang 0 o 0.00 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Poor

Sa kabuuan, may mean na 5.43 na may descriptive rating na Good sa Pre-test na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng kartolina, samantalang may mean na 7.45 naman sa Post-Test may descriptive rating na Very Good na ang ibig sabihin ay hindi lubos ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng kartolina sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.Sa pagtuturo, ayon kay Adeyanju (2003), mahalaga ang visual aids sa lubusang pagkatuto ng mga bata. Ang isang visual aid ay kadalasang nagkikintal ng mas malinaw o mas nagtatagal na impresyon sa isip kaysa magagawa ng binigkas na salita at sa pamamagitan ng paggamit ng kartolina at iba pang kagamitan ay maaaring maging mabisang visual aids lalong lalo na sa mga lugar na hindi inaabot ng elektrisidad.

**Talahanayan 13Antas ng Paggamit ng mga Kagamitang Tradisyunal**

| **Aralin 2** | **Modyul** |
|---|---|

| **Bilang ngtamang sagot** | **Pre-Test** | | | **Post-Test** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** |
| 11-12 | 0 | Outstanding | 0.00 | 2 | Outstanding | 5.00 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 8-10 | 0 | Very Good | 0.00 | 11 | Very Good | 27.50 |
| 6-7 | 0 | Good | 0.00 | 17 | Good | 42.50 |
| 3-5 | 4 | Fair | 10.00 | 7 | Fair | 17.50 |
| 0-2 | 36 | Poor | 90.00 | 3 | Poor | 7.50 |
| Total | 40 | | 100.00 | 40 | | 100.00 |
| **Mean** | **1.3** | **Poor** | | **6.59** | **Good** | |

Inilalarawan sa talahanayan 13 ang antas ng paggamit ng mga kagamitang tradisyunal ang modyul. Sa bilang ng tamang sagot na 11-12 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 2 o 5.00 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Outstanding. Sa bilang ng tamang sagot na 8-10 may nakakuha ng 0 o 00.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 11 o 27.50 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Very Good. Sa bilang ng tamang sagot na 6-7 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa Pre- Test, samantalang 17 o 42.50 na bahagdan naman ang nakuha sa Post – Test na may descriptive rating na Good. Sa bilang ng tamang sagot 3-5 may nakakuha ng 4 o 10.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 7 o 17.50 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Fair.At sa bilang ng tamang sagot na 0-2 ay may 36 o 90.00 na bahagdan ang nakakuha sa Pre-Test , samantalang 3 o 7.50 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Poor

Sa kabuuan, may mean na 1.3 na may descriptive rating na Poor sa Pre-test na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng modyul, samantalang may mean na 6.59 naman sa Post-Test na may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng modyul sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig. Ayon pa rin sa pag- aaral ni Jocson (2014) sa kanyang Modyul: Bilang Kagamitang Pampagtuturo nagbigay siya ng mga kabutihang dulot sa mga guro at mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng modyul .Nagagawang umunlad batay sa sariling kakayahan. Nagkakaroon ng tuwirang pakikipag-ugnayan sa asignaturang pinagaaralan.Nauunawaan nang lubusan ang mga araling itinuturo ng guro. Nagkakaroon ng tuwirang pakikipagugnayan sa asignaturang pinag-aaralan. Nauunawaan nang lubusan ang mga araling itinuturo ng guro. Napagaaralan ang aralin nang buong lalim lalo na sa araling nangangailangan ng atensiyon. Naipagkakaloob ang indibidwalidad, hilig, estilo ng pagkatuto, pangangailangan ng atensiyon. Natutuklasan ang higit na tamang pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nabibigyan ng pagkakataong makasama nang matagal ang mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong. Naipagkakaloob sa mga mag-aaral ang maayos na palatuntuntnan ng pagkatuto. Nakadaragdag sa mga kagamitang panturo.

**Talahanayan 14Antas ng Paggamit ng mga Kagamitang Tradisyunal**

| **Aralin 2** | **Bond Paper / Magasin / Colored paper** |
|---|---|

| **Bilang ngtamang sagot** | **Pre-Test** | | | **Post-Test** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** | **Frequency** | **D.R.** | **Percentage** |
| 9-10 | 0 | Outstanding | 0.00 | 11 | Outstanding | 27.50 |
| 7-8 | 0 | Very Good | 0.00 | 9 | Very Good | 22.50 |
| 5-6 | 0 | Good | 0.00 | 6 | Good | 15.00 |
| 3-4 | 0 | Fair | 0.00 | 1 | Fair | 2.50 |
| 0-2 | 40 | Poor | 100.00 | 13 | Poor | 32.50 |
| Total | 40 | | 100.00 | 40 | | 100.00 |
| **Mean** | **1** | **Poor** | | **5.54** | **Good** | |

Inilalarawan sa talahanayan 14 ang antas ng paggamit ng mga kagamitang tradisyunal ang bond paper, magasin at colored paper. Sa bilang ng tamang sagot na 9-10 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa PreTest, samantalang 11 o 27.50 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Outstanding. Sa bilang ng tamang sagot na 7-8 may nakakuha ng 0 o 00.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 9 o 22.50 ang nakakuha sa Post- Test na may descriptive rating na Very Good. Sa bilang ng

tamang sagot na 5-6 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa Pre- Test, samantalang 6 o 15.00 na bahagdan naman ang nakuha sa Post – Test na may descriptive rating na Good. Sa bilang ng tamang sagot 3-4 may nakakuha ng 0 o 0.00 na bahagdan sa Pre-Test, samantalang 1 o 2.50 na bahagdan naman ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Fair.At sa bilang ng tamang sagot na 0-2 ay may 40 o 100.00 na bahagdan ang nakakuha sa Pre-Test , samantalang 13 o 32.50 na bahagdan ang nakakuha sa Post-Test na may descriptive rating na Poo.r

Sa kabuuan, may mean na 1.00 na may descriptive rating na Poor sa Pre-test na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin, samantalang may mean na 5.54 naman sa Post-Test may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin sa pagIbig sabihin mahalaga aaral ng Literaturang Pandaigidig. Ayon kay Abad et.al (2001) sa kanyang librong Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo sa paaralan, ginagamit ang poster bilang isa sa mga kagamitang tanaw – dinig. Sa paglikha ng mga poster, ang kartolina ay maaaring maging isa sa mga kagamitan. Maaaring ipaskil ang mga poster na ito sa pisara, bulitin bord o dingding ng silid –aralan. Nagsisilbi itong pagganyak, paalaala at patnubay sa mga mag-aaral hinggil sa leksyong kanilang pinag-aaralan. Sa pamamagitan ng kagamitang ito, ang mga mag-aaral ay maaaring gumuhit o gumupit na lamang ng mga babasahin at saka ito bubuuin batay sa paksa o tema.

**Makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng mga ICT software application at kagamitang tradisyunal sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig**

**Talahanayan 15Makabuluhang Pagkakaiba sa Paggamit ng mga ICT Software at Kagamitang Tradisyunal**

3.1 Aralin 1

| Pretest | Chi-square | df | Sig. |
|---|---|---|---|
| Modyul at Web Browser | 15.718** | 4 | 0.003 |
| Kartolina at Powerpoint | 5.351ns | 4 | 0.253 |
| Bond paper at Word Processor/ Publisher | 6.486* | 2 | 0.039 |
| | | | |
| Post-test | Chi-square | df | Sig. |
| Modyul at Web Browser | 1.571ns | 4 | 0.814 |
| Kartolina at Powerpoint | 0.831ns | 3 | 0.842 |
| Bond paper at Word Processor/ Publisher | 15.559** | 4 | 0.004 |
| **-significant at 0.01 alpha level of significance *-significant at 0.05 alpha level of significance ns-not significant | | | |

Inilalarawan sa talahanayan 15 ang pag-aanalisa sa makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng mga sa ICT software application at kagamitang tradisyunal sa isinagawang Pre-Test. Nakakuha ng 15.718 sa chi-square na may sig. value na 0.003 na ibig sabihin ay may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web Browser. Nakakuha naman ng 5.351 sa Chi-square na may sig.value na 0.0253 na ibig sabihin ay walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at powerpoint presentation. Nakakuha naman ng 6.486 sa Chi-Square na may sig.value na 0.039 na ibig sabihin ay may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng Bond Paper , Magasin, colored paper at Word Processor/ Publisher.

Samantalang sa pag-aanalisa sa naging resulta ng kanilang Post – Test. Nakakuha ng 1.571 sa Chisquare na may sig. value na 0.814 na nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web browser. Nakakuha naman ng 0.831 sa Chi-square na may sig. value na 0.842 na ang ibig sabihin ay walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at Powerpoint Presentation. Nakakuha naman ng 15.559 sa Chi-square na may sig. value na 0.004 na nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng mga bond paper, colored paper, magasin at Word Processor / Publisher sa pagaaral ng Literaturang Pandaigdig ng mga mag-aaral sa Grado 10.

**Talahanayan 16Makabuluhang Pagkakaiba sa Paggamit ng mga ICT Software Application at Kagamitang Tradisyunal**

3.2 Aralin 2

| Pre-Test | Chi-square | df | Sig. |
|---|---|---|---|
| Modyul at Web Browser | 4.800ns | 3 | 0.187 |
| Kartolina at Powerpoint | 2.765ns | 4 | 0.598 |
| Bond paper at Word Processor/ Publisher | n.d. | | |
| | | | |
| Post-test | Chi-square | df | Sig. |
| Modyul at Web Browser | 14.211** | 4 | 0.007 |
| Kartolina at Powerpoint | 3.754ns | 3 | 0.289 |
| Bond paper at Word Processor / Publisher | 9.567* | 4 | 0.048 |
| **-significant at 0.01 alpha level of significance *-significant at 0.05 alpha level of significance ns-not significant | | | |

Inilalarawan sa talahanayan 16 ang pag-aanalisa sa makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng mga sa ICT software application at kagamitang tradisyunal sa isinagawang Pre-Test. Nakakuha ng 4.800 sa chi-square na may sig. value na 0.187 na ibig sabihin ay walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web Browser. Nakakuha naman ng 2.765 sa Chi-square na may sig.value na 0.598 na ibig sabihin ay walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at powerpoint presentation. Samantalang walang nakuhang datos sa makabuluhang pagkakaiba ng paggamit ng Bond Paper , Magasin, colored paper at Word Processor / Publisher sa kadahilanang ang gawaing nakatalaga rito ay siyang inaasahang magiging awtput ng mga mag-aaral matapos ang pagtalakay sa aralin..

Samantalang sa pag-aanalisa sa naging resulta ng kanilang Post – Test. Nakakuha ng 14.211 sa Chisquare na may sig. value na 0.007 na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web browser. Nakakuha naman ng 3.754 sa Chi-square na may sig. value na 0.289 na ang ibig sabihin ay walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at Powerpoint Presentation. Nakakuha naman ng 9.567 sa Chi-square na may sig. value na 0.048 na nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng mga bond paper, colored paper, magasin at Word Processor / Publisher sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig ng mga mag-aaral sa Grado 10.

Sa kabuuan, walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng mga ICT Software at mga Kagamitang Tradisyunal sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.Sapagkat ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang sa mga kagamitang pampagtuturo nakasalalay kundi higit lalo sa kanilang sarili.Subalit sa patuloy na pagbabago at pag-unlad ng panahon, maraming mga makabagong kagamitan na may iba't ibang aplikasyon na mas makatutulong upang higit na mapaunlad at mapagbuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral lalong lalo na ngaung ika-21 siglo. Ayon sa pag-aaral nina Camara, Gonzales,Mera at Vitales (2016), gamit ang iba't ibang software applications tulad ng Powerpoint, Publisher,Web Browser,Word Processor, Electronic Spreadsheets at Electronic Encyclopedia mas higit na nagiging epektibo ang pagtuturo ng mga guro maging ang pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa mas napapadali ang mga isinasagawang pananaliksik at mas nagiging maayos at kaakitakit ang mga proyekto at ibang pang awtput. Sa tulong ng mga aplikasyong ito, hindi na kinakailangan pang kumunsumo ng napakaraming oras sa mga gawain, subalit mahalaga rin na magkaroon ang bawat mag-aaral ng sapat na kaalaman sa matalinong paggamit ng mga makabagong teknolohiyang nagtataglay ng mga ganitong aplikasyon.

## I. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na buod ng pag-aaral ay nakabuo ng konklusyon ang mananaliksik. Sang-ayon sa mga natuklasan buhat sa pag-aaral at isinagawang pananaliksik:

1.Ang antas ng paggamit ng mga ICT Software Application ng mga mag-aaral sa Grado 10 sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig:

a.Web Browser .Sa Aralin 1 nakakuha ng 3.65 sa Pre-test na may descriptive rating na Fair na ang ibig sabihin ay hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Web Browser samantalang 5.69 naman sa Post test na may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng Web Browser. Sa Aralin 2 nakakuha ng 1.55 sa Pre-test na may descriptive rating na Poor na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng Web browser samantalang 4.88 naman sa Post test na may descriptive rating Fair na ibig sabihin ay hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit Web Browser sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.

b.Publisher at Word Processor .Sa Aralin 1 nakakuha ng 2.30 sa Pre-test na may descriptive rating Poor na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng Publisher at Word Processor, samantalang 8.10 naman sa Post test na may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Publisher at Word Processor. Sa Aralin 2 nakakuha ng 1.00 sa Pre-test na may descriptive rating na Poorna ang ibig sabihin ay walang sapat na kaaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng Publisher at Word Processor samantalang sa 6.14 sa Post test na may descriptive rating Good na ang ibig sabihin ay may sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit Publisher at Word Processor sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.

c.Powerpoint presentation. Sa Aralin 1 nakakuha ng 4.63 sa Pre-test na may descriptive rating Fair na ang ibig sabihin ay hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Powerpoint samantalang 17.00 naman sa Post test na may descriptive rating Very Good na ang ibig sabihin ay hindi lubos ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Powerpoint. Sa Aralin 2 nakakuha ng 5.49 sa Pretest na may descriptive rating Goodna ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Powerpoint samantalang 6.85 naman sa Post test na may descriptive rating na Very Good na ang ibig sabihin ay hindi lubos ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Powerpoint sa pagaaral ng Literaturang pandaigdig.

2.Ang antas ng paggamit ng mga kagamitang tradisyunal ng mga mag-aaral sa Grado 10 sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig:

a.Kartolina. Sa Aralin 1 nakakuha ng 3.75 sa Pre-test na may descriptive rating Poor na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng kartolina samantalang 17.38 naman sa Post test na may descriptive rating na Very Goodna ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng kartolina. Sa Aralin 2 nakakuha ng 5.43 sa Pre-test na may descriptive rating Good na ang ibig sabihin ay may sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng kartolina samantalang 7.45 naman sa Post test na may descriptive rating Very Good na ang ibig sabihin ay hindi lubos ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng kartolina sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.

b.Modyul. Sa Aralin 1 nakakuha ng 2.00 sa Pre-test na may descriptive rating na Poor na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng modyul samantalang 5.94 naman sa Post test na may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaaman ng mga magaaral sa paggamit ng modyul. Sa Aralin 2 nakakuha ng 1.3 sa Pre-test na may descriptive rating na Poorna ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng modyul samantalang 6.59 naman sa Post test na may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng modyul sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.

c.Bond Paper, Colored Paper, Magasin. Sa Aralin 1 nakakuha ng 1.5 sa Pre-test na may descriptive rating na Poor na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin samantalang 5.7 naman sa Post test na may descriptive rating na Fair na ang ibig sabihin ay hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin .Sa Aralin 2 nakakuha ng 1.00 sa Pre-test na may descriptive rating na Poor na ang ibig sabihin ay walang sapat na kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin samantalng 5.54 naman sa Post test na may descriptive rating na Good na ang ibig sabihin ay sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bond paper, colored paper at magasin sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig.

3.Sa pag-aanalisa sa makabuluhang pagkakaiba ng paggamit ng mga ICT Software Application at kagamitang tradisyunal:

a.Sa Aralin 1: Cupid at Psyche – Mito ng Roma lumabas sa isinagawang Pre-test na may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web Browser, walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at powerpoint presentation at may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng bond paper, magasin, colored paper at Word Processor / Publisher. Samantalang sa Post test, lumabas na walang

makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web Browser, walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at Powerpoint at may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng bond paper, colored paper, magasin at Word Processor / Publisher.

b.Sa Aralin 2: Ang Alegorya ng Yungib – Sanaysay mula sa Greece lumabas sa isinagawang Pre-test na walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web Browser, walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at Powerpoint samantalang walang nakuhang datos sa makabuluhang pagkakaiba ng paggamit ng Bond paper, colored paper, magasin at Word Processor / Publisher. Sa isinagawang Post-test lumabas na may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng modyul at Web Browser, walang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng kartolina at powerpoint presentation at may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng bond paper, colored paper, magasin at Word Processor/ Publisher sa pag-aaral ng Literaturang Pandaigdig ng mga mag-aaral sa Grado 10.

## I. REKOMENDASYON

Matapos malaman ang naging resulta ng isinagawang pag-aaral, ang mananaliksik ay bumuo ng mga mungkahi:

1. Sa tulong ng paggamit ng mga ICT software mas mapapadali para sa mga mag-aaral na magawa ang kanilang mga gawain kaugnay ng kanilang pag-aaral kaya't marapat lamang na ang bawat paaralan lalong lalo na yaong mga nasa kabayanan ay magkaroon ng mga computers na may access ng internet.

2. Magsagawa ang mga pamunuan ng paaralan ng mga seminar, workshop at training kaugnay sa paggamit ng mga makabagong aplikasyon sa computer hindi lamang para sa mga guro higit lalo para sa mga mag-aaral.

3. Sa ating mga mambabatas, madaliin ang pagsasakatuparan ng pagkakaroon ng Free Public Wifi na may malakas na access sa mga pampublikong lugar tulad ng paaralan upang magamit ng mga mag-aaral.

4.Magkaroon pa nang malalimang pag-aaral sa kasalukuyang sinaliksik upang makita pa ang mga nararapat bigyang – pansin sa integrasyon ng Computer software applications tulad ng Web Browser, Publisher, Word Processor, Powerpoint sa asignaturang Filipino.

## REFERENCES

[1]. Agoncillo, Jeremhae (2014) " Mga Hakbang sa Pananaliksik"
[2]. Camara,Gonzales.Mera at Vitales (2016). Integrasyon ng paggamit ng Computer Technology sa Asignaturang Filipino" ng mga
[3]. Guro ng Zone 3.
[4]. Haugland, Jerry L.http://frank.mtsu.edu/itconf/proceed98/jhugland.html#anchor67139
[5]. Prof. Magdalena O. Jocson (2014). Modyul: Bilang Kagamitang Pampagtuturo.
[6]. Ruedas. Abad C.( 2001), Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo. Kalayaan Press Mktg. Ent., Inc. Diliman Quezon City